

# News

Magasin ng Multilingual na Impormasyon

Tagalog No.93

## Inuyama Nihongo Kyoushitsu

- Sa Inuyama Nihongo Kyoushitsu, ayon sa inaasahan, bukod sa Kaiwa at Kanji na kinakailangan sa pamumuhay; ginagamit ang textbooks na "Marugoto" at "Minna no Nihongo" sa leksiyon.
  - Simula Abril 2019, 100 yen per lesson ang bayad sa Inuyama Nihongo Kyoushitsu.
  - Mula Oktubre, 2019 hanggang Marso, 2020 ay kukumpunihin ang gusali ng Freude. Ang lesson ay isasagawa sa Inuyama Fukushi Kaikan sa pagitan ng durasyong ito.
- ※ Para sa detalye, basahin ang Inuyama News Letter issue 92 (isyu 2019.1.31). Makikita rin ito sa Facebook at HP(<http://iiea.info>) ng Inuyama Kokusai Kouryuu Kyoukai.

### ◇Aming nakapanayam ang mag-aaral na si Honda Micheli.



Honda Micheli

Isinilang sa Brazil, 14 na taon na sa bansa.

1 taon na sa Inuyama Nihongo Kyoushitsu.



Nalaman ko sa aking kaopisina ang tungkol sa kyoushitsu at nagsimula akong mag-aral dito. Kinakabahan ako kapag nagsasalita ng Nihongo. Subalit, ang lahat ng mag-aaral ay katulad ko ring hindi pa marunong nito, kung kaya naman malaya akong nakapagsasalita. Noon, hindi ako marunong ng wastong Nihongo, subalit natutunan ko ito simula nang mag-aral rito at gumaan rin ang aking pang-araw-araw na pamumuhay. Nitong nakaraan, nakaya kong mag-enroll sa yoga class mag-isa.

Banyagang naninirahan sa Inuyama 2,473 (44 lahi)

3.3% ng kabuuang bilang ng mamamayan ng Inuyama 73,978.

1 - Vietnam 673 katao      2 - Chinese 362 katao      3 - Filipino 347 katao

(2019 taon 7 buwan 31 araw kasalukuyan)

# Information corner

## 「Pagpapakilala ng Inuyama Tourist, Culture facilities」

### 【National treasure Inuyama Castle】

Ang national treasure na Inuyama Castle ay 1537 taon ng nakatayo, ito ang pinakamatandang kastilyong gawa sa kahoy sa bansa.

- Admission fee: General 550 yen  
Elementarya • Jr. high school 110 yen
- Saan : Aichi Ken, Inuyama-shi, Inuyama  
Kita Koken 65-2
- Oras : 9 : 00~17 : 00  
(Hanggang 16 : 30 ang last entry)
- ※Hindi pinapayagan ang pets.
- Sarado ng : Dec.29~Dec.31



#### Ang mairerekomenda sa inyo !

Mas makikita ang magandang tanawin ng patag at kabundukan mula sa pinakamataas na palapag ng Tenju. Makikita rin ang Mt. Ontake at Nagoya station kung maganda ang panahon. Sa taglamig naman, makikita ang Mt. Ibuki na natatakpan ng niyebe.

※Upang maipreserba ang Inuyama Castle at ang Tenju nito, ito ay sasailalim sa pagkumpuni mula kalagitnaan ng Hulyo hanggang huling linggo ng Disyembre.

Mula Agosto 1, Huwebes~Setyembre 30, Lunes ay maaaring makapasok hanggang sa ikalawang palapag nito. Libre ang admission fee sa durasyon na ito.

### 【DONDENKAN】

Ang isa sa tinaguriang UNESCO Intangible Cultural Heritage na Inuyama Matsuri, ang pagsigaw tuwing magbabago ng direksiyon ng karo, kasabay ng pagsigaw na ito ang pagbuhat sabay ikot ng 180 degrees ang tinatawag na “DONDEN.” 3 sa 13 karo o sasakyang pangbundok ang ipapakita sa mga bisita, mararanasan ang masayang Inuyama Matsuri sa nakakaaliw na ilaw at tunog.

- Admission fee : Matanda 100 yen  
(Libre ang Junior high school at pababa ang edad)
- Saan : Aichi Ken, Inuyama-shi, Inuyama Higashi Koken 62 Banchi
- Oras : 9 : 00~17 : 00 (Hanggang 16 : 30 ang last entry)
- Sarado : Disyembre 29~ Disyembre 31.



#### Ang aming mairerekomenda sa inyo !

Ang ginagamit na sasakyang pangbundok sa Inuyama Matsuri ay matutunghayan ng personal, lubhang kahanga-hanga ang taas na halos 8m at bigat na 3 tonelada nito!

## 【Kisogawa Ukai】

Ang Ukai, isang aktibidad kung saan nakasakay sa bangka ang mangingisda at sinanay ang mga ibong cormorant upang manghuli ng isda, isang tradisyon ng pangngisda na 1300 taon nang nagpapatuloy. Ang Bangkang sasakyan ng mga manonood ay lalapit upang mapanood ito. Makikita nang husto ang ginagawa ng mga ibong cormorant sa Ukai sa tanghali kung kaya naman popular ito. Sa gabi naman ay masisiyahan sa magandang repleksiyon ng maliwanag na apoy sa tubig habang sinasaksihan ang panghuhuli ng isda ng mga ibon.



○Kailan : Hunyo 1, Sabado~Oktubre15, Martes

《Hiru Ukai (hapon)》 Mayroong pagkain 11 : 30~14 : 00

《Yoru Ukai (gabi)》 Walang pagkain 18 : 30~19 : 45

Mayroong Pagkain 17 : 15~19 : 45

○Tagpuan : Kisogawa Ukai Boarding Station

(Meitetsu Inuyama Yuuen station, 3 minutong maglalakad mula sa east exit.

○Bayad:

《Hiru Ukai (hapon)》 ※Mayroong pagkain

※ 12 taong gulang pataas 5,000yen

4 taong gulang pataas hanggang bago mag-12 taong gulang 3,600 yen

《Yoru Ukai (gabi)》 ※Hindi kasama ang pagkain

※ 12 taong gulang pataas 3,000 yen

4 taong gulang pataas hanggang bago mag-12 taong gulang 1,500 yen

▼Para sa mga katanungan : Kisogawa Kankou (Co. Ltd.)

TEL (0568) 61-2727 <http://kisogawa-ukai.jp/>

Itatanong ang mga sumusunod sa inyong pagtawag para sa reserbasyon. (Nihongo)

1. “Hiru no Ukai po ba (sa hapon)? Yoru no Ukai po ba (sa gabi)? (Kayo ba ay kakain sa loob ng Bangka?”
2. Kailan ang gusto ninyong araw sa pagsakay sa bangka?
3. Kayo po ba ay kakain sa araw na ito sa bangka?  
(Maaari lamang na ipaalam ang inyong plano 3 araw bago ang araw ng aktibidad.)
4. Pangalan at contact numbers.

### Ang aming mairerekomenda sa inyo !

Mararamdaman ang init ng apoy sa inyong balat, matitilamsikan ng tubig na hatid ng nagkakagulong mga ibon dahil halos abot kamay na ito. Hindi lamang obserbasyon kundi parang mararanasan na rin mismo ang Ukai. Tiyak na masisiyahan sa sightseeing sa Kisogawa.



### ◇Mga banyagang nakaranas ng Ukai

Higuchi Akie

Isinilang sa China. 14 taon na sa bansa.

Unang beses kong na-experience ang Ukai. Dahil sa pambihirang magkaroon ng pagkakataong makaranas nito, lubha akong namangha! Ang panghuhuli ng ibong Cormorant ng isdang Ayu, ang pagluwa ng mga isda mula sa kanilang tuka, ang kasuotan ng mga mangingisda na iba sa mga isinusuot natin ay lubhang nakamamangha! Hindi lamang ang tradisyonal na pangngisda, maging ang mga gusali sa gilid ng Kisogawa, ang national treasure na Inuyama Castle ay sadyang kamangha-manghang pagmasdan habang nakasakay sa Bangka. Nais kong ikuwento sa mga kaibigan at kapamilya ang tungkol sa karanasan kong ito.



## ■ Ang pagtatapon ng Basura

Mayroong alituntunin at wastong gawi sa pagtatapon ng basura sa lungsod. Kinakailangan ang kooperasyon ng lahat upang mapanatili ang kalinisan at kagandahan ng ating bayan.


① Ang Combustible Garbage (nasusunog) ay ilagay sa supot na itinalaga para rito. Kung may ibang uri ng basura o lata na nakahalo, ito ay hindi dadalhin ng garbage truck.

② May itinakdang lugar para pagtapunan ng basura.

Pagkatapos ninyong ilagay ang basurang itinapon, takpan mabuti ng net.

May pagkakataong hinahalukay ito ng uwak at pusa.

Tiyakin na hindi lalagpas at matatakpan mabuti ng net ang itinapong basura.



③ Maaaring tiyakin ang iskedyul ng basura sa Gomi Bunbetsu Appli. I-install ang application sa pamamagitan ng pagbasa ng QR code na nasa ibaba.



ios



AndroidOS

Kung may katanungan hinggil sa pagtatapon ng basura, makipag-ugnayan sa Environment Division (Kankyoku-ka).

▼Para sa katanungan: Inuyama City Hall Kankyoku-ka TEL: (0568)44-0344


## ■ Ang *Bousai Handbook* (Disaster Prevention)

Ang lindol, bagyo, matinding pag-ulan at landslide ay ilan lamang sa mga uri ng kalamidad na maaaring manalanta anumang oras. Upang maprotektahan ang ating buhay, kinakailangang maunawaan ang mga bagay hinggil dito at ang wastong paglikas sa sandaling nanalasa ang kalamidad.

Ang lungsod ng Inuyama ay naglabas ng disaster prevention handbook na

Inuyama Bousai. Ito ay matatagpuan sa consultation counter sa munisipyo.

Mula sa mga QR code sa ibaba, sa smart phone o tablet, ito ay makikita rin sa 9 na wika (Ingles, Hangle, Intsik (traditional), Intsik (simplified), Thai, Portuges, Espanyol, Indonesian at Vietnamese). Ating tiyakin ang wastong paraan ng paglikas mula rito.



▼Para sa katanungan: Inuyama City Hall Chiiki Anzen Division TEL:(0568)44-0346

## ■ Health Check-up para sa Pre-schoolers

Sa bansang Japan, ang mga batang isinilang sa pagitan ng Abril 2, 2013 ~ Abril 1, 2014, ay magsisimula nang pumasok sa elementary sa Abril, 2020. Ang mga batang banyaga na nagnanais makapag-aral sa bansa ay kinakailangang magsumite ng dokumento sa munisipyo at marapat na makipag-ugnayan sa Education Division. Gayundin naman, ang notipikasyon ng Health Check-up ay ipapadala sa pamamagitan ng postal service sa unang linggo ng Setyembre. Ang health check-up ay isasagawa katulad ng nakasaad sa notipikasyon. Dalhin ang bata sa paaralan ng elementarya na kanyang papasukan. Sa mga hindi nakatanggap ng notipikasyon, makipag-ugnayan sa Kyouiku-ka (Education Division) ng munisipyo.

▼Para sa katanungan: Inuyama City Hall Gakkou Kyouiku Division  
TEL: (0568) 44-0350





## ■ Inuyama Free Information Service

Ikaw ba ay mayroong problema tungkol sa iyong paninirahan o trabaho sa Japan? Maaari kaming tumulong sa administratibong serbisyo dito sa City Hall. At nagbibigay din ng mga payo na inyong magagamit sa paninirahan sa Japan. Papanatiliing lihim ang nilalaman ng naging konsultasyon.

○Lugar : Inuyama City Hall, 1<sup>st</sup> Floor, Soudan Shitsu

○Oras : 1:00P.M.~4 : 30P.M.

○Araw : Espanyol · Portuges · · · Tuwing Biyernes

※ Sarado sa araw ng Holiday .

※ May pagkakataong hindi magsasagawa ng konsultasyon.

Makikita ang mga bagong impormasyon sa Inuyama International Association.



Tagalog · · · Oktubre 4, Biyernes; Nobyembre 1, Biyernes;

Disyembre 6, Biyernes ng taong 2019.

Enero 10, Biyernes; Pebrero 7, Biyernes,

Marso 6, Biyernes ng taong 2020.

Ingles · · · Oktubre 4, Biyernes; Nobyembre 1, Biyernes

Disyembre 6, Biyernes ng taong 2019.

Enero 10, Biyernes; Pebrero 7, Biyernes; Marso 6, Biyernes ng taong 2020.

Intsik · · · Oktubre 11, Biyernes; Nobyembre 1, Biyernes;

Disyembre 6, Biyernes ng taong 2019.

Enero 10, Biyernes; Pebrero 7, Biyernes; Marso 6, Biyernes ng taong 2020.

Paksa : Anumang administratibong serbisyo sa City Hall.

Reserbasyon : Hindi kailangan (mayroong pila)

▼Para sa impormasyon: Inuyama International Association TEL: (0568) 44-0343

## ■ Community Interpreters Skill Up Course

Sa lungsod ng Inuyama, mayroong translation at interpreter dispatching system ng mga community interpreters. Ito ay para sa maayos na serbisyo ng munisipyo, health center, paaralan, service window gamit ang tulong ng interpreters para sa mga residenteng nahihirapan na makipag-ugnayan sa wikang nihongo.

Ito ay nasa 6 na Wika. (Ingles, Chinese, Espanyol, Portuges, Tagalog, Vietnamese)

### ◇ Pakinggan natin sa Bb. Kato Edna na isang aktibong Community Interpreter.



Kato Edna

Isinilang sa Brazil. 24 na taon na dito sa Japan.

Nagpunta sa Japan para sa trabaho ng asawa. Siya ay nagsimulang maging community interpreter noong 2014.

Siya ay inimbitahan ni Bb. Ooshima Virginia na Multicultural Symbiosis Promotion Staff ng lungsod at siya ay nagkaroon ng interes mag-aral ng nihongo nang makita niya ang leaflet kaya naman siya ay kaagad na nagpalista. Dito ay pinag-aralan ang mga terminong ginagamit sa serbisyo sa munisipyo, pati na rin ang mga dapat paghandaan upang maging isang community interpreter. Siya ay nakapasa sa pagsasanay na ito. Pinag-aaralan niya ang mahihirap na terminong ginagamit sa munisipyo bago pa siya pumunta upang mag-interpret. Mahirap tandaan ang mga terminong hindi naman palagi ang ginagamit, kaya mahalaga ang patuloy na pag-aaral ng mga ito. Lagi siyang nakakatanggap ng request mula sa Kodomo Mirai-en (kindergarten). Kapag nagsimula nang mag-usap ang magulang, guro at interpreter ay nagsisimula na ring matakot ang bata. Ipinapaliwanag niya sa bata sa wikang Portuges ang pinag-uusapan, naipapaunawa ito at ito nama'y kumakalma. Sa ganitong pagkakataon ay nakakaramdam siya ng tuwa sa kaniyang trabaho bilang interpreter.

Sa taong ito, sa Nobyembre 10, 17, 24; Disyembre 15 ay isasagawa ang Community Interpreter Skill Up Course. Ituturo rito ang mga bagay hinggil sa interpretation • translation, mayroong talakayan kasama ang mga community interpreters at magsasagawa rin ng life saving lesson. Bagama't ito ay para sa mga rehistradong community interpreter, inaanyayahan rin ang sinumang may interes sa interpretation • translation at hindi pa nakakapagpa-rehistro bilang interpreter • translator na makipag-ugnayan sa Inuyama International Association para sa mga detalye.

▼ Informations: Inuyama International Association TEL: (0568) 61-1000

## ■Tokyo 2020 Olympic Torch Relay

Ipapaalam sa publiko ang ruta ng Olympic Torch Relay sa Hunyo 1.

Ang relay ay gaganapin sa lungsod ng Inuyama.

Kailan : Abril 6, 2020 Lunes

Saan : Magmumula sa: Inuyama-jou town area

Ang goal ay sa: Inuyama-jou

(May gaganaping mini-celebration sa Inuyama-jou Mae Hiroba.

※Maaaring magbago ang ruta anumang oras.

▼Para sa mga katanungan: Inuyama City Hall, Culture & Sports Division

TEL: (0568) 44-0352



## ■Ang pagtatapon ng spray can

Simula Enero, 2019 ay hindi na kinakailangan butasan at kailangan nang ubusin ang laman ng mga spray can bago itapon. Kung may laman pa ito, gumamit ng tela o diyaryo upang masipsip ang laman nito, ipuwesto sa mahangin na lugar at tiyaking wala na itong laman bago itapon.

▼Para sa katanungan: Inuyama City Hall Kankyō Division

TEL: (0568)44-0344



Matutunghayan ang Inuyama Newsletter sa Facebook sa 7 wika (Nihongo, Ingles, Espanyol, Portuges, Intsik, Vietnamese at Tagalog)

Ipaalam natin ang tungkol dito sa ating mga kakilala.

Hanapin ➡ 「Inuyama International Association」



## Ang layunin hinggil sa information magazine na kinakailangan ng lahat

Mayroon bang suliranin ang mga banyagang residente sa lungsod?

Aming inihahatid ang information magazine na magiging kapaki-pakinabang para sa lahat. Kung may impormasyong nais maitampok sa Shiritai Jouhou Corner, makipag-ugnayan lamang sa Inuyama International Center.

**Inuyama Newsletter** Published by Inuyama City Hall 〒484-8501 Aichi-ken, Inuyama-shi, Ooaza Inuyama, Aza Touhata 36

Edited by Inuyama International Center 〒484-0086 Aichi-ken, Inuyama-shi, Matsumoto-cho 4-21 Inuyama International Tourist Center 『Freude』

TEL: (0568) 61-1000 FAX: (0568) 63-0156 HP: <http://iiea.info>

E-mail: [iia@grace.ocn.ne.jp](mailto:iia@grace.ocn.ne.jp)

Issue 93 translators : (English) Kusakabe Kazuro, Shibata Atsuyuki, Yasumura Megumi, Steve McGuire, Uchimura Hidetomo  
(Spanish) Carlos Tawara, Ruiz Bulnes Ricardo Arturo, Kuwagaki Michelle, Sanchez Pizarro Luis Enrique  
(Portuguese) Marcos Yara, Bruno Sueishi  
(Chinese) Fujimura kaen, Sun jiao, Ten ru, Minobe Tomoe  
(Vietnamese) Hoang Manh Cuong, Vu Thi Ngoan, Ngo Van Tam  
(Tagalog) Caladio Joshua

In cooperation of : Inuyama Goodwill Guide